# FABalita

OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

"Apat na buwan pa lamang po ang nakakalipas mula nang gampanan ko ang pagiging Administrador, pero puno po ako ng galak at pagmamalaki dahil marami na po tayong narating at nakamit. Tiyak, mas marami pa po ang tagumpay na darating para sa atin."

# AFAB Administrator & CEO Pangandaman, nagtungong Espanya para sa isang linggong investment mission

MADRID, SPAIN – Binisita ni Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman at AFAB Chief of Staff Augusto Kimpo ang ilang kumpanyang namamayagpag sa bansang Espanya noong Oktubre 21-28, 2023 upang pag-usapan ang mga posibleng pagtutulungan at pamumuhunan sa loob ng Freeport Area of Bataan (FAB).

Una nilang binisita ang kumpanyang ARQUIMEA Space, Aeronautics, and Defense at nilibot ang mga makabagong pasilidad nito sa pananaliksik. Sa sumunod na araw, sila naman ay dumalo sa inagurasyon ng Centro de Filipinas en Madrid. Dito ibinahagi ni Administrator & CEO Pangandaman sa ibang mga delegado ang mga bagong plano't proyekto ng AFAB. Nakasama nila dito ang ilang mga mambabatas at kilalang personalidad sa Pilipinas tulad nina Senador Juan Miguel Zubiri, Senador Pia Cayetano, President at Chairman ng Asia Defense & Armament Corporation Ramon Garcia, Navantia Executive Guillermo Solano, CEO ng Asia Defense & Firepower Corporation Jeruel Sanchez, Philippine Ambassador to Spain Philippe Lhuillier, at Filipino Olympian Bea Lucero-Lhuillier.




AFAB Administrator & CEO Pangandaman at Chief of Staff Augusto Kimpo, kasama ang mga negosyanteng namamayagpag sa bansang Espanya, sa higit isang linggong investment mission nito.

Sinundan ito ng pagbisita sa Sener, isang kumpanyang nasa ilalim ng industriyang aerospace at defense sa Pilipinas. Ang Sener ang nagdisenyo ng cable-stayed bridge na nagdudugtong sa Cebu Cordova Link Expressway.

Sa huling yugto ng investment mission, binisita naman nila ang headquarters ng EID sa Lisbon, Portugal na isang kumpanyang nasa ilalim ng industriyang defense communications at nangunguna sa industriya ng teknolohiya. ■

## Delegado ng AFAB, dumalo sa kombensyon sa Malaysia




Aktibong nakilahok ang mga delegado mula AFAB, kasama ang ibang mga kawani ng ilang IPA sa Pilipinas, sa pagsasama-sama ng mga negosyante't lider mula sa iba't ibang panig ng daigdig sa SIBS 2023.

KUALA LUMPUR, MALAYSIA – Nagtungo ang mga delegado ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) na binubuo nila Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, Office of the Administrator Group Head Atty. Percival Peralta at Business Development and Marketing Chief Kelvin Rae G. Rodriguez upang lumahok sa ikapitong Selangor International Business Summit (SIBS) noong Oktubre 18-21, 2023 sa Kuala Lumpur Convention Centre (KLCC).

Sa ilalim ng temang "Selangor, the Gateway to ASEAN", tinipon ng apat na araw na kombensyon ang mga kumpanya mula sa iba't-ibang panig ng mundo. Hindi pinalagpas ng AFAB ang nasabing oportunidad na makabuo ng mga pagtutulungan at ipakilala ang Freeport Area of Bataan (FAB) sa mga lider ng iba't-ibang industriya sa rehiyon ng ASEAN.

Naging matagumpay at makabuluhan naman ang Philippine Investment Forum na isinagawa sa ikalawang araw ng SIBS 2023. Aktibong nakilahok ang mga delegado ng AFAB sa mga aktibidad ng nasabing forum tulad ng isang presentasyon tungkol sa FAB sa pamamagitan ni AFAB Marketing Chief Rodriguez at pakikipagkilala sa ibang mga negosyante at lider.

Ang nasabing forum ay inorganisa ng Philippine Trade and Investment Center - Kuala Lumpur sa tulong ng Malaysian International Chamber of Commerce and Industry.

Dumalo rin rito ang iba't-ibang Investment Promotion Agencies (IPAs) mula sa Pilipinas tulad ng Cagayan Economic Zone Authority (CEZA), Philippine Economic Zone Authority (PEZA), Subic Bay Metropolitan Authority (SBMA), at Zamboanga City Special Economic Zone Authority (ZCSEZA). ■

# FAB Workers, nagsama-samang muli para sa isang selebrasyon ng pagsisikap at pagsisipag sa trabaho



Pagtitipon-tipon ng mga manggagawa sa Freeport Area of Bataan, mga katuwang mula sa PhilHealth Bataan, at mga lider mula Mariveles LGU.

**Isa na namang masaya't produktibong pagtitipon ang isinagawa ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) kasama ang mga manggagawa sa FAB noong 29 Setyembre 2023, para sa ikatlong FAB Workers' General Assembly.**

Katuwang ang mga kinatawan PhilHealth Bataan, nagkaroon ng learning session tungkol sa mga programa ng ahensya gaya ng Philhealth Konsulta, at kung paano ito higit na pakikinabangan ng mga manggagawa at kanilang pamilya.

Bukod doon, nagbigay saya at papremyo rin ang AFAB at Philhealth para sa lahat ng dumalo bilang pasasalamat sa kanilang aktibong partipasyon.

Kasama rin sa nasabing pagtitipon si Mariveles Mayor AJ Concepcion at Board Member Angel Sunga kasama ang ilang konsehal ng Mariveles, upang personal na batiin ang mga manggagawa. ▪

# Pagdiriwang ng AFAB sa Breast Cancer Awareness Month




Isang makabuluhang gawain ang isinagawang Breast Cancer Awareness Seminar ng AFAB Gender and Development Committee at Bataan Cancer Society and Support Group.

**Sa pangunguna ng Gender and Development Committee nito, isinagawa ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang isang makabuluhang sesyon para sa karagdagang kaalaman tungkol sa kanser sa suso para sa komunidad ng FAB noong 17 Oktubre 2023.**

Pinangunahan ni Dr. Domingo C. Sampang ng Bataan Cancer Society and Support Group ang diskusyon kung saan kanyang tinalakay ang maagang deteksyon at ilang mahahalagang impormasyon kaugnay ang breast cancer.

Ang aktibidad na ito ay bahagi ng pakikiisa ng AFAB sa Breast Cancer Awareness Month, dahil batid nito ang kahalagahan ng pagiging maalam, mapanuri, at handa hinggil sa paksang ito. ▪

# FAB BITS



Nakiisa ang AFAB sa pagdiriwang ng Casa Mariveles Hotel & Restaurant, Inc. ng pagbubukas ng bagong gusali at mga pasilidad sa hotel nito noong 24 Oktubre 2023. Dinaluhan ito ni AFAB Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga at Community Services Department Manager Donia G. Alonzo. ▪



Dinaluhan ni AFAB Administrator and CEO Pangandaman ang pagdiriwang ng ika-56 Anibersaryo ng Government Arsenal (GA) noong 12 Oktubre 2023, kasama rin si 2nd District Representative Abet Garcia at Limay Vice Mayor Richie David. ▪



Nasa pantalan na ng FAB ang bago nitong patrol and rescue boat na pinangalanang M/B FAB Patrol. Gagamitin ito sa mas pinaigting na seguridad sa mga hangganan ng Freeport at pagtugon sa oras ng mga hindi inaasahang sakuna. Ang M/B FAB Patrol ay minanupaktura ng Stoneworks Specialist Int'l Corp. at sertipikado ng ISO 9001 Quality Management. ▪




**Maligayang Anibersaryo, FAB!** Sa ating pagbabalik-tanaw, tunay ngang sinubok ng mahabang panahon ang tatag ng ahensya na naging mahalagang instrumento sa paglago ng pamumuhunan sa FAB at pagdating ng maraming trabaho para sa komunidad. ▪